

# COVID-19 Infection

## 6<sup>th</sup> Wave Omicron Variant Emergency Measures

### (Buod)

2022 Enero 11

COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Ang pagkalat ng impeksyon ng OMICRON ay mabilis na umuusad at nasa puyo na ng 6<sup>th</sup> Wave ang Japan. Sa ating prepektura, ang bilang ng mga nahawaang tao ay mabilis na tumaas mula noong simula ng taon. Kailangan nating mag-ingat na hindi lumobo ang mga kaso ng impeksyon.

Hinihiling namin sa mga mamamayan na ipagpatuloy pagsikapan na protektahan ang sariling buhay, mga mahal sa buhay, gayundin ang lokal na komunidad at ekonomiya.

#### **【Characteristics ng Omicron variant】**

- Halos 3 beses ang lakas makahawa kaysa sa Delta variant.
  - Ang panahon mula maimpeksyon hanggang sa paglabas ng sintomas ay mga 5 araw para sa Delta, ngunit mga 3 araw lang para sa Omicron (mga kaso ng impeksyon sa Prepektura ng Gifu).
  - Ang epekto ng bakuna ay nababawasan ng halos 10% sa 20~ 24 weeks pagkatapos ng 2<sup>nd</sup> dose (ulat mula sa UK).
- ※Karamihan sa mga kumpirmadong naimpeksyon ng Omicron variant sa prepektura ay bakunado na.

#### **【Pagpapalakas ng Infection Control Measures】**

##### 1 Mga masusing pangunahing hakbang sa pagkontrol sa impeksiyon

- Ipagpatuloy ang masusing pagpapatupad ng mga pangunahing hakbang sa pagkontrol sa impeksiyon.

① pagsuot ng mask, ② paghuhugas ng mga kamay, ③ pag-iwas sa 3 C's, ④ patuloy na bentilasyon, ⑤ itigil ang mga aktibidad kapag masama ang pakiramdam

- Pag-iwas sa mga sumusunod na "5 sitwasyon" na nagpapataas ng panganib ng impeksiyon.

① social gatherings na may inuman, ② iwasan ang malaking grupo at mahabang oras ng pagkain, ③ pag-uusap na walang mask, ④ mag-ingat sa mga karaniwang lugar tulad ng mga silid ng dormitoryo at banyo, ⑤ mag-ingat sa mga break rooms, changing rooms, smoking areas, atbp.

##### 2 Travel

- Iwasan ang hindi kailangan o importanteng travel sa mga lugar kung saan kumakalat ang impeksiyon.

##### 3 Pagkain at Pag-inom

- Iwasan ang malalaking grupo at mahabang oras (hanggang 4 na tao, sa loob ng 2 oras bilang gabay)